Pagsusulit na Pang-estado 2012

Mahal na Magulang/Tagapangalaga:

Bawat spring, sinusubok ng estado ang lahat ng estudyante sa ika-3 hanggang ika-8 grado at ika-10 grado upang matiyak na nasa landas ang kanilang pagkatuto. Ang mga resulta sa pagsusulit na ito ay mahalaga sa ating lahat.

Ang mga estudyante sa ika-3 hanggang ika-8 grado ay lalahok sa **Measurements of Student Progress** (MSP). Ang mga nasa mataas na paaralan ay kukuha ng **High School Proficiency Exam** (HSPE). Bilang karagdagan, nag-umpisa ang estado ng sa dulo-ng-kurso (end-of-course) na mga eksamen sa algebra 1 at geometry noong nakaraang taon at magkakaroon ng kauna-unahan naman sa biology EOC sa spring (tagsibol) ng 2012.

Hinahandog din ang MSP sa online ang pagbasa, matematika at agham (mga gradong 5 at 8). Umpisa sa spring (tagsibol) ng 2012, ang mga estudyante sa 3-8 ay makukuha ang pagbasa at matematika sa pamamagitan ng kompiyuter.

Ang ating mga pagsusulit na pang-estado ay pinangalanan upang ipahiwatig ang kanilang mga tiyak na layunin.

Ang MSP ay *sumusukat sa progreso ng estudyante.* Kahit na mahalaga ang mga resulta ng MSP, ang pagsusulit na pang-estado ay dapat na kailanman ay hindi tanging panukat ng akademikong mga kahusayan at kaalaman ng estudyante. Ang kabuuang pagganap ng estudyante ay kinakailangan na palaging isaalang-alang.

Ang HSPE ay tumitiyak na ang mga estudyante sa mataas na paaralan ay *magaling,* o may pangunahing kahusayan na kailangan upang umakyat sa kasunod na mga hakbang sa kanilang buhay. Ang mga pagsusulit sa mataas na paaralan ay inihanay sa mga rekisito sa pagtatapos.

Ang mga estudyanteng hanggang sa klase ng **2012** ay dapat na ipasa ang mga iksamen ng estado sa pagbasa at pagsulat, ang naaprobahan ng estado na alternatibo o ang isang pagtatasa para sa mga estudyante sa espesyal na edukasyon AT ipasa ang pang-estadong iksamen sa matematika o magkamit ng dalawang kredito sa matematika pagkatapos ng ika-10 na grado.

Ang mga estudyanteng sa klase ng **2013** at **2014** ay dapat na ipasa ang pagbasa, pagsulat, at matematika upang maging karapat-dapat na makatapos ng pag-aaral. Ang mga estudyanteng sa klase ng 2015 at lampas pa ay dapat na ipasa ang pagbasa, pagsulat, matematika at agham.

Kung may mga katanungan o pag-aalala ka tungkol sa pagkatuto ng iyong anak, mangyaring makipag-ugnayan sa guro ng iyong anak o tagapayo ng paaralan. Upang malaman ang higit tungkol sa sistema ng pagsusulit na pang-estado, mangyaring bumisita sa www.WAtesting.com.

Sino-Sino ang Sinusubok at Kailan?

Ang No Child Left Behind Act ng federal ay nag-uutos ng taunang pagsusulit sa mga estudyante sa ika-3 hanggang ika-8 grado at ika-10 grado sa pagbasa at matematika, at sa tatlong grado sa agham (ika-5, 8 at 10 grado sa Washington). Ang ating estado ay sumusubok din sa mga estudyante sa pagsulat (ika- 4, 7 at 10 grado). Ang ating estado ay lumipat din sa online na pagsusulit.

Grado	Ika-3	Ika-4	Ika-5	Ika-6	Ika-7	Ika-8	Ika-9	Ika-10	Ika-11	Ika-12
Pagbasa	✓■	✓■	✓■	✓■	✓■	✓■	NT	✓	*Kailangan lang kung hindi natupad ng estudyante ang mga pagtatasa sa pagtatapos sa estado.*	
Matematika	✓■	✓■	✓■	✓■	✓■	✓■	✓	✓		
Pagsulat		✓			✓		NT	✓		
Agham			✓■			✓■	✓	✓		

■ Ihahandog nang online sa spring ng 2012

NT Not tested o hindi sinusubok ang Asignatura (ang mga ikasiyam na baitang na mga mag-aaral ay kukuha lamang ng end-of-course [kaduluhan ng kurso] na mga pag-eeksamen sa matematika at agham, kung sila ay nasa iyang mga espesipikong mga kurso)

Naisapanahon Hulyo 2011

2012 Pagsusulit na Pang-estado at Takdang Panahon ng Pag-uulat

MARSO	
13-14:	Pagsulat sa HSPE
15:	Pagbasa sa HSPE
ENERO/ PEBRERO	
Sa Dulo-Kalagitnaan:	Matematika EOC Kinuha Muli
ABRIL	
27:	Panahon ng pagsusulit na MSP para sa mga gradong 3-8 ay mag-uumpisa
MAYO	
Mayo 18:	Magtatapos ang MSP (papel)
Hunyo 4:	Magtatapos ang MSP (online)\
Dulo ng Taon	Mga eksamin na EOC sa matematika at biyolohiya (huling 3 linggo ng eskwela)
HUNYO	
Hunyo 1:	Magsisimula ang rehistrasyon para sa HSPE sa Agosto
Bago lumipas ang ika-10:	Ipinadala ang mga Ulat sa Iskor ng HSPE sa bahay para sa ika-10 hanggang ika-12 grado
Bago lumipas ang ika-17:	Pagbibigay ng mga resulta sa HSPE sa buong estado
AGOSTO	
14-16:	Pagsusulit na HSPE sa Agosto
Dulo:	Ibibigay sa lahat ng estudyante ang mga resulta sa MSP/HSPE
SETYEMBRE	
Kalagitnaan:	Ipinadala ang lahat ng resulta sa MSP/HSPE sa bahay (lahat ng grado)

Ano ang Ibig Sabihin ng Iskor sa MSP/HSPE?

Ang mga estudyante ay tumatanggap ng iskor sa bawat pagsusulit na MSP/HSPE na kinuha. Ang mga iskor ay batay sa kung paano gumanap ang bawat indibidwal na estudyante. Ang mga iskor ay nabibilang sa isa sa apat na antas (may Antas 3 at mas mataas bilang pasado):

Antas **4** — **Lumampas sa Mga Pamantayang Pang-estado:** Kumakatawan sa progresibong kadalubhasaan sa mga abilidad at kaalaman sa asignatura.

Antas **3** — **Nakakatupad sa Mga Pamantayang Pang-estado:** Kumakatawan sa kadalubhasaan sa mga abilidad at kaalaman sa asignatura.

Antas **2** — **Mababa sa Pamantayang Pang-estado:** Kumakatawan sa ilang kadalubhasaan sa mga abilidad at kaalaman sa asignatura.

Antas **1** — **Masyadong Mababa sa Pamantayang Pang-estado:** Kumakatawan sa kaunti hanggang sa walang kadalubhasaan sa mga abilidad at kaalaman sa asignatura.

Pagsusulit na Pang-estado: Mga Tanong na Karaniwang Itinatanong

Bakit kinailangang gumawa tayo ng pagsusulit na pang-estado?
Dahil sa batas ng estado at federal. Ang ating sistema ng pagtatasa na pang-estado ay ipinapatupad bilang tugon sa Education Reform Law of 1993 ng estado. Ang ating mga pagsusulit na pang-estado ay tumutupad din sa mga rekisito ng No Child Left Behind (NCLB) Act ng federal. Ang NCLB ay nag-uutos ng taunang pagtatasa sa pagbasa at matematika para sa mga estudyante sa ika-3 hanggang ika-8 grado at sa mataas na paaralan. Kailangang susubukin din ang mga estudyante nang taunan sa agham sa tatlong antas ng grado. Ginagawa ito ng Washington sa pamamagitan ng pagsusubok sa mga estudyanteng nasa ika-5, 8 at 10 grado.

Kailan matatanggap ng mga pamilya ang mga resulta para sa pagsusulit na pang-estado sa mataas na paaralan?
Sa mga unang araw ng Hunyo. Tatanggap ang mga estudyante Ng HSPE na mga iskor sa pagbasa at pagsulat sa Hunyo 2012. Ang mga iskor sa iksamen sa matematika at agham na sa dulo-ng-kurso (end-of-course) ay hindi makakamtan hanggang sa Agosto 2012. Tingnan ang ibaba para sa higit na impormasyon ukol sa bagong mga eksamin sa matematika sa dulo ng kurso.

Kailan tatanggap ang mga pamilya ng mga resulta para sa pagsusulit sa ika-3 hanggang 8 grado (MSP)?
Sa mga unang araw hanggang sa kalagitnaan ng Setyembre. Ang mga ulat sa iskor ng estudyante ay ipinapadala sa mga paaralang pampurok sa dulo ng Agosto. Responsable ang mga paaralang pampurok sa pagkoreo ng mga ulat sa iskor sa mga pamilya. Kung hindi ka tatanggap ng ulat sa iskor, mangyaring makipag-ugnayan sa tanggapan ng iyong paaralan o purok.

Ano-ano ang bagong mga eksamin sa matematika sa dulo ng kurso at kailan ibinibigay ang mga ito?
Ang dulo-ng-kurso (end-of-course), o EOC, mga iksamen sa matematika ay makukuha sa algebra I at geometry, at ang agham EOC ay makakamtan sa biology. Sinumang estudyante na kumukuha ng algebra I, geometry o biology mula ika-7 na grado at pataas, ay kukunin ang angkop na EOC. Ang mga EOC ay ibinibigay sa loob ng huling tatlong linggo ng eskuwela. Ang mga estudyante sa klase ng 2015 at lampas pa ay dapat na ipasa ang parehong matematika na mga EOC upang makapagtapos sa pag-aaral.

Ang MSP at HSPE ay mas maiikli, ngunit mas madali ba ang mga ito?
Hindi. Gaya ng 2010, ang mga resulta ng MSP at HSPE sa spring (tagsibol) ng 2011 ay hindi nagpakita ng progreso sa tumaas na puntos. Ang pagsusulit ay nagpapatuloy sa pagiging balido at mapagkakatiwalaan na panukat sa pagganap ng estudyante. Dahil lang sa ang pagsubok ay mas maikli hindi nangangahulugang mas madali ito.

Online na Pang-estadong Pagsusulit

Ang Washington ay hindi ang unang estado na gumawa ng paglipat sa online testing (pag-ksamen sa pamamagitan ng internet), ngunit ito ay kabilang sa mga namumuno. Ang layunin ng estado ay para sa nakararami ng elementarya at middle school (kalagitnaang pag-aaral) na mga grado sa pagbabasa, matematika at agham ay na maksamen sa pamamagitan ng mga kompiyuter sa lahat ng mga distrito ng paaralan hanggang sumapit sa 2014.

Sa tagsibol ng 2012, ang MSP ay ibibigay online sa ikatlo hanggang pang-walong baitang, bilang ang mga ikatlong baiting na hahandogan ng oportunidad sa unang pagkakataon. Noong lumipas na taon, ang ikaapat at ikalimang baitang na mga mag-aaral ay nag-umpisang mag-eksamen online sa pagbabasa at matematika. Ang mga pagiging possible na mga pag-aaral (feasibility studies) ay ginagawa para sa online na pag-eksamen sa ikaapat at ikapitong baitang sa pagsusulat.

Paano ko ipaparehistro ang aking anak para sa HSPE sa summer at kailan?
Ang rehistrasyon ng pagsusulit sa Agosto ay karaniwang nagsisimula sa bandang Hunyo 1. Maaari kang magparehistro para sa pagsusulit sa summer sa www.k12.wa.us/testregistration o sa pamamagitan ng pagtawag sa (866) 400-9275. Ang mga pagkuha muli para sa mga iksameng EOC ay magiging sa Enero/Pebrero ng bawat taon.

Anong mga pagsusulit ang nasa online?
Sa spring (tagsibol) ng 2012, maghahandog ang estado sa pagbasa at matematika na MSP sa online sa mga gradong 3-8 at ang agham na MSP sa mga gradong 5 at 8.

Ang aking anak na lalaki o babae ay kailangan pa bang pumasa sa pagsusulit na pang-estado upang magtapos mula sa mataas na paaralan?
Oo. Ang bawat klase ay mayroong iba't-ibang mga pangangailangan. Pakitanong ang inyong tagapayo (counselor) sa eskuwelahan.

Ano-anong uri ng mga tanong ang lalabas sa mga pagsusulit na pang-estado?
Ang mga pagsusulit na MSP at HSPE ay kinabibilangan ng maraming pagpipilian (multiple choice) at mga tanong na may maiikling sagot. Tinanggal na ang apat na puntos na mga tanong sa sanaysay (essay) sa mga pagsusulit sa pagbasa, matematika at agham. Ang pagbabagong ito ay nagpapahintulot sa mga estudyante na malutas ang mga problema, kahit hindi binibigyang puntos sa kanilang kakayahan sa mga pagsusulit sa pagsulat, pagbasa at agham.

Panatilihing nasa Perspektibo ang Pagsusulit sa Estado

Ang mga estudyante at magulang ay maaaring makaramdam ng paghihirap sa pagsusulit na pang-estado, ngunit ang pagsusulit ay dapat hindi sentro ng pansin. Ang mahalagang kakayahan at kaalaman ang pinakamahalaga sa lahat.

- Himukin ang iyong anak na gawin ang abot ng kanyang makakaya. Kung ang ulat sa iskor ng iyong anak ay naglalahad na kailangan ang tulong sa ilang mga bahagi, hindi iyan masamang bagay. Alam ng mga paaralan kung paano ituon ang tulong.
- Isipin ang pang-araw-araw na pamamaraan sa pagsusulit ng iyong anak. Maliban kung naramdaman mo na ang iyong anak ay nangangailangan ng ibang pamamaraan sa panahon ng pagsusulit (hal., mas maraming tulog o mas maraming pisikal na aktibidad), sundin ang anumang pamamaraan na nakatulong na sa kanya na maging matagumpay sa paaralan.
- Makipag-usap sa iyong anak tungkol sa mga karanasan sa pagsusulit. Ang ilang estudyante ay nakakaramdam na nakakatulong ang magsalita tungkol sa pagsusulit. Kung sinasabi ng iyong anak na nahihirapan siya sa alinmang mga bahagi sa pagsusulit, makipag-usap sa guro ng iyong anak upang malaman kung may katulad siya na mga isyu sa silid-aralan.

Paano Ko ...

Makikita ang pagsusulit ng aking anak?
Ang mga magulang ay maaaring humiling na tingnan ang (mga) buklet ng pagsusulit ng kani-kanilang anak, simula Setyembre 6, 2011. Ang mga buklet sa pagsusulit ay ipapadala sa kanya-kanyang paaralang pampurok ng estudyante para repasuhin. Mangyaring bumisita sa: www.k12.wa.us/assessment/StudentRecordRequest.aspx.

Iapela ang iskor ng aking anak?
Ang mga iskor lamang mula sa mataas na paaralan na mga iksamen na ginamit sa pagganap sa mga pangangailangan sa pagtatapos ng pag-aaral ay ang maaring iapela. Ang mga puntos para sa ika-3 hanggang ika-8 grado sa Measurements of Student Progress ay hindi maaaring iapela. Mangyaring bumisita sa: www.k12.wa.us/assessment/Appeals.aspx.

Office of Superintendent of Public Instruction
Old Capitol Building
P.O. Box 47200
Olympia, WA 98504-7200

Para sa karagdagang impormasyon
OSPI: **www.k12.wa.us**
MSP/HSPE: **www.WAtesting.com**
Mga Katanungan: **StateTesting@k12.wa.us**